

Ano ang whooping cough?

Ang whooping cough, na tinatawag rin bilang pertussis, ay sanhi ng bakterya na kumakalat mula sa tao patungo sa tao sa hangin. Ang ilang mga palatandaan ay:



Walang
humpay na
pag-ubo



Pag-susuka



Kahirapan sa
paghinga

Sino ang maaaring magkasakit nang malubha?

Ang mga sanggol ay maaaring magkasakit ng malalang whooping cough. Bagama't umuubo ang ilang sanggol, maraming sanggol ang hindi halos umuubo. Sa halip, maaaring mahirapan silang huminga.

Ang whooping cough ay maaaring humantong sa pagkaospital, pulmonya, pinsala sa utak, o kahit kamatayan.



Ano ang maaari kong gawin upang maprotektahan ang aking sarili at ang iba?


Ang mga tao sa lahat ng edad ay maaaring mabakunahan upang protektahan ang kanilang sarili at ang iba.



Mga sanggol at maliliit na bata

DTaP

2, 4, at 6 buwang gulang
15-18 buwang gulang
4-6 taong gulang



Bago mag-tinedyer

Tdap

11-12 taong gulang



Mga buntis

Tdap

Ikatlong trimestre ng pagbubuntis



Nasa hustong gulang 19+

Tdap

Kahit kailan para sa kung sino ang hindi pa nababakunahan

Paano pinoprotektahan ng pagbabakuna ang mga sanggol sa panahon ng pagbubuntis?



Kapag nabakunahan ka, ang iyong katawan ay gumagawa ng mga antibody na ipinapasa sa iyong sanggol.

Pinoprotektahan ng mga antibody ang iyong sanggol sa mga unang buwan ng buhay.

Kung ikaw ay buntis, magpabakuna nang maaga sa ikatlong trimestre ng iyong pagbubuntis. Kung ikaw ay may ubo, huwag dumalaw sa mga sanggol o mga buntis.

Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon?

Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pagpapabakuna. Kailangan ng doktor? Makipag-ugnayan sa Community Health Access Program sa pamamagitan ng pagtawag 1-800-756-5437 o mag-email sa CHAP@kingcounty.gov.

Para matuto pa nang higit tungkol whooping cough, bisitahin ang: bit.ly/kcpertussis

